# ANGEL OF THE HOLY SPIRIT ACADEMY
## Araling Panlipunan 4
## Pambansang Sagisag ng Pilipinas

**Panuto:** Ibigay ang hinihingi sa bawat bilang. Isulat sa nakalaang patlang ang wastong sagot.

__________ 1. Katuwang ng mga magsasakang Pilipino ang maamong hayop na ito sa pag-aararo ng sakahan upang pagtaniman ng palay.

__________ 2. Sumisimbolo sa pagmamahal sa kalayaan at tagumpay.

__________ 3. Sumisimbolo sa marangal, matiyaga, at masipag ng mga Pilipino

__________ 4. Sumasagisag ito sa kasaganahang nakakamit bunga ng pagsisikap ng mga Pilipino.

__________ 5. Sumasagisag ito sa katapangan ng mga Pilipino na handang makipaglaban para ipagtanggol ang bayan.

__________ 6. Sumasagisag sa simpleng pamumuhay ng mga Pilipino.

__________ 7. Inihahalintulad ito sa mga Pilipino na mapagmahal at dalisay ang puso.

__________ 8. Sumisimbolo sa malinis na puso at hangarin ng mga Pilipino.

__________ 9. Maihahalintulad ito sa pagiging matatag, maabilidad, at kahusayan ng mga Pilipino sa iba't ibang larangan.

__________ 10. Kulay na kumakatawan sa kagitingan o katapangan ng mga Pilipino.

__________ 11. Inihahalintulad sa mga Pilipino na nananatiling matatag at matapang na lumaban sa mga pagsubok na dumarating sa buhay.

__________ 12. Nagpapakita ng mga magagandang katangian ng mga Pilipino lalong-lalo na ang mga kababaihan na nananatiling mapagmahal, magiliw, at mapagmalasakit sa kabila ng mga paghihirap at pagsubok sa buhay.

__________ 13. Kasuotan ng mga kalalakihan na gawa sa maninipis na tela na karaniwang mula sa pinya at jusi.

__________ 14. Kulay na sumasagisag sa kalinisan ng bawat mamamayang Pilipino.

__________ 15. Siya ang sumulat ng dalawang nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

__________ 16. Naglalarawan sa kadakilaan ng ating bansa at ng lahing Pilipino na nagmamahal at handang mag-alay ng buhay para sa bayan.

__________ 17. Kasuotan ng mga kababaihan na sumasagisag sa pagiging simple, malinis, at marangal ng mga babaeng Pilipino.

__________ 18. Pangunahing sagisag ng ating bansa.

__________ 19. Kulay na sumisimbolo ng kapayapaan.

__________ 20. Wikang nagbubuklod sa ating mga Pilipino.

LIVEWORKSHEETS